



	<b>Pfizer</b>	<b>Moderna</b>	<b>Johnson &amp; Johnson</b>
<b>Ligtas at mabisa para sa mga edad</b>	 16+	 18+	 18+
<b>Proteksyon laban sa kamatayan at mga pagkakaospital</b>	100% proteksyon 1 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis	100% proteksyon 2 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis	100% proteksyon 4 na linggo pagkatapos ng iisang dosis
<b>Proteksyon laban sa sakit na COVID-19</b>	95% proteksyon 1 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis	94% proteksyon 2 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis	85% proteksyon laban sa malubhang sakit 4 na linggo pagkatapos ng iisang dosis
<b>Mga dosis na kailangan</b>	2	2	1
<b>Mga potensyal na side effect</b>	Pananakit sa naturukang bahagi, pagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasu-kasuan, panginginginig, lagnat	Pananakit sa naturukang bahagi, pagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasu-kasuan, lagnat	Pananakit sa naturukang bahagi, pagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkaalibadbad, lagnat
<b>Nagdudulot ng COVID-19 o pagbabago sa henetikong materyal</b>	Hindi	Hindi	Hindi
<b>Uri ng bakuna para sa COVID-19</b>	mRNA	mRNA	viral vector
<b>Pinagmulang data</b>	Mga klinikal na pagsubok	Mga klinikal na pagsubok	Mga klinikal na pagsubok

### Mangyaring tandaan:

- Ang bakunang ito ay HINDI inihambing sa mga pag-aaral na head-to-head (pag-aaral kung saan inihahambing sa iba pang nasa merkado na)
- Ang lahat ng ito ay binuo at sinubukan sa magkakaibang pagkakataon at sa magkakaibang kapaligiran sa panahon ng pandemya.
- Ang mga bakunang mRNA ay gumagamit ng hindi nakakasamang henetikong materyal (mRNA) upang bilinan ang katawan na lumikha ng immune response (pagtugon ng sistema ng imyunidad) sa COVID-19.
- Ang mga bakunang viral vector ay gumagamit ng hindi nakakasamang binagong bersyon ng virus na hindi COVID-19 upang magdulot ng immune response (pagtugon ng sistema ng imyunidad).

\* Sa panahon ng klinikal na pagsubok ng Moderna, isang tao ang naospital ng 2 buwan pagkatapos mabakunahan na may hindi tiyak na diagnosis na malamang na COVID-19.

